

# MGA PRIYORIDAD NA PATAKARAN

## ANG AMING BISYON

Nakikita namin ang isang mundong makatarungan at may ekidad kung saan ganap na kabahagi ang mga Asyano at Taga-Isla Pasipiko sa mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya at pulitikal na nakakaapekto sa atin.

Sa komunidad, tinukoy namin ang ilang panukalang batas na pagbobotohan sa pambatasang sesyon na ito na tutugon sa mga sistemikong kawalan ng ekidad at kawalan ng pagkakapantay-pantay na nililikha ng mga ito. Ang mga sumusunod ay ang aming mga pangunahing priyoridad.

## PAGKAKATAON PARA MAGLINGKOD

### SB 786

Itatag ng Pagkakataon para Maglingkod ang taunang suweldo para sa mga miyembro ng Lehislatura na katumbas ng karaniwang sahod ng lahat ng sakop na mga Taga-Oregon. Sa paggawa nito:

- Pagbubutihin nito ang kalidad ng representasyon mula sa mga mambabatas na makakapagpokus nang buong panahon sa paggawa ng patakaran at mga ugnayan sa nasasakupan;
- Aalisin nito ang mga hadlang na pang-ekonomiya para ang mga kababaihan at BIPOC at iba pang mga lider na kulang ang representasyon ay tumakbo o manatili sa kanilang puwesto sa batasan; at
- Titiyakin nito na ang Lehislatura ay kumakatawan sa dibersidad at mga naranasan ng mga taga-Oregon.

## PAGKAIN PARA SA LAHAT NG TAGA-OREGON

### SB 610

Ang Pagkain Para sa Lahat ng Taga-Oregon ay lumilikha ng programang pinopondohan ng estado na nagtitiyak na ang bawat isa sa Oregon ay may access sa pagkaing kailangan natin sa pamamagitan ng:

- Gawing available ang tulong na pagkain sa lahat ng taga-Oregon na kasalukuyang hindi kasama dahil sa katayuang pang-imigrasyon.
- Pagbibigay sa mga pamilya ng pera na pang-grocery na tumutugma sa mga benepisyong tulong sa pagkain ng pederal na SNAP; at
- Pagtitiyak na alam ng bawat isa ang mahalagang suportang ito sa pamamagitan ng paglibot at pakikipag-ugnayan sa komunidad, pinabuting access sa wika at marami pa.

## PANGANGALAGA SA ANAK PARA SA OREGON

### HB 3027, HB 2991, HB 3005, SB 599, HB 2727, HB 2993

Pinalalawak ng Pangangalaga sa Anak para sa Oregon ang access sa abot-kayang pagpapaalaga sa anak sa mas marami pang pamilya at pinatatatag ang imprastruktura at mga mangaggawa para sa pagpapaalaga sa anak sa pamamagitan ng:

- Pagtataas ng pagpopondo sa programa ng Oregon na pagtulong sa pagpapaalaga sa anak, mga programa ng pagtuklas sa komunidad at mga programa sa maagang pag-aaral;
- Pag-alis ng mga hindi kinakailangang hadlang sa pagkuha ng mga propesyonal na kredensyal para sa mga manggagawang tagapag-alaga ng bata at magbigay ng mga insentibo at tulong para sa mga manggagawang tagapag-alaga ng bata; at
- Pagbibigay ng pagpopondo at suporta upang protektahan at paunlarin ang mga pasilidad ng pag-aalaga sa bata.

# MATATATAG NA TIRAHAN PARA SA MGA PAMILYANG TAGA-OREGON

2023 PAMBATASANG SESYON

## SB 611, SB 799

Hangad ng Matatag na Tirahan para sa mga Pamilyang taga-Oregon na kontrolin ang mga pagtaas sa upa at iwasan ang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng:

- Pagreporma sa proseso ng pagpapalis ng tirahan upang maiwasan ang maiwasang pagkawala ng tirahan at pagdurusa, gamit ang mga leksyong natutunan noong panahon ng pandemya;
- Pagbibigay ng katatagan sa ating mga pamilya at ekonomiya sa pamamagitan ng pagtitiyak na hindi tumataas ang upa nang mahigit sa makatuwirang halaga taun-taon, sa buong estado;
- Pagkolekta ng mas higit pang tumpak na datos tungkol sa merkado ng pabahay sa Oregon sa pamamagitan ng programa ng pagpaparehistro ng upa; at
- Pagpopondo sa mga mabisang programa ng pagtulong sa upa at paggalugad sa buong estado kabilang ang mga programang nakabase sa komunidad at partikular sa kultura.

## REPORMA NG PAGPIPINANSYA SA KAMPANYA

### LC 2828

Ginagawang patas ng Reporma sa Pagpipinansya ng Kampanya ang labanan sa halalan sa pamamagitan ng:

- Pagbuo ng demokrasyang mabisa para sa ating lahat, kung saan ang bawat isa ay may pantay na boses at sumasagot sa atin na kanilang mga nasasakupan, ang ating mga ibinotong opisyal;
- Pagbibigay kapangyarihan sa mga nagbibigay ng maliit na donasyon upang magdulot ng epekto sa mga kampanya;
- Pag-aalis ng mga pinansyal na hadlang sa pumipigil sa mga ordinaryong taong tumakbo sa halalan; at
- Panagutin sa mga botante ang mga ibinotong opisyal at mayayamang espesyal na interes.

### PAGGARANTIYA NG KARAPATANG BUMOTO SB 579

### BATAS SA TAGUMPAY NG ESTUDYANTENG TAGA-ISLA PASIPIKO HB 3144

### MGA MAY PAGKILING NA KRIMEN AT INSIDENTE LC 3678

### KATARUNGAN SA WIKA NG KATUTUBO SB 612, SB 613

### BATAS NG PAGSASAMODERNO NG MGA ORGANISASYONG HINDI PANGKALAKAL NG OR SB 606

### PANUKALANG BATAS SA PAGPOPONDO SA PAGBUO NG MGA PARTIKULAR NA PROYEKTO CHRISTMAS TREE BILL

### AWTOMATIKONG PAGPAPAREHISTRO SA MGA BOTANTE HB 2107

### PAGRARANGGO NG PINILI SA HALALAN SA BUONG ESTADO HB 2004

### KREDITO NG MGA BATANG TAGA-OREGON HB 32358

### PAGPOPONDO SA LUNTIANG IMPRASTRUKTURANG HB 3016

### BILANG PAGTATANGGOL SA KATAUHAN HB 2467, SB 413

### PAGBABAWAL SA DISKRIMINASYON NG GRUPO SA OR LC 3816

### PAGPOPONDO PARA SA MGA PAG-AARAL SA ETNISIDAD KATARUNGAN SA KATAWAN NG KABABAIHAN AT KASARIAN TUTULAN ANG HB 2089

Hanapin ang karagdagang impormasyon at makibahagi sa [apano.org/legislative-session](http://apano.org/legislative-session)

MGA TANONG NA PULITIKAL Marchel Marcos, [marchel@apano.org](mailto:marchel@apano.org), 971-266-5897

MGA TANONG NA MEDIA Ashley Mumm, [ashley@apano.org](mailto:ashley@apano.org), 503-336-4693